



# Buod ng Tulong Pinansyal

Nagsisikap ang Driscoll Children's Hospital na maghatid ng mahabagin, de-kalidad, at abot-kayang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasyente nito. Available ang tulong pinansyal sa mga kuwalipikadong pasyente at pamilyang walang insurance, kulang sa insurance, hindi kuwalipikado sa isang programa ng gobyerno, o hindi kayang magbayad para sa kinakailangang medikal na pangangalaga dahil sa kanilang Pinansyal na sitwasyon.

Ang patakaran sa tulong pinansyal ng Driscoll Children's Hospital ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa proseso para sa pagkuha ng tulong pinansyal, mga pamantayan sa pagiging kuwalipikado, at mga uri ng tulong na available. Makakakuha ka ng mga libreng kopya ng patakaran at form ng pinansyal na ebalwasyon sa pamamagitan ng alinman sa mga mapagkukunan sa ibaba sa seksyong PAANO MAG-APPLY.

## Sino ang Kuwalipikado?

Kuwalipikadong mag-apply ang lahat ng pasyente para sa tulong pinansyal, kabilang ang mga may insurance. Gumagamit kami ng mga itinag na alituntunin para matukoy kung sino ang kuwalipikado at ang halaga ng kanilang diskwento.

- Ang mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na may kita ng pamilya na katumbas ng o mas mababa sa 500% ng Federal Poverty Guidelines, FPG, ay makatatanggap ng 100% diskwentong pangkawanggawa sa bayarin o pinapayagang mga halaga ng bayarin.
- Ang mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na may kita sa pamilya na higit sa 501% ng FPG, ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang charity discount na 45%, 55%, 65% o 75% na diskwento sa sinisingil o pinapayagang mga halaga ng bayarin.

Ang isang taong kuwalipikado para sa tulong pinansyal ay hindi kailanman sisingilin pa para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga nang higit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance.

Para sa mga halagang karaniwang sinisingil [AGB], gagamitin ng Driscoll Children's Hospital ang paraang look back ayon sa nakasaad sa Seksyon 501r ng Internal Revenue Code. Kinakalkula ng Driscoll Children's Hospital (DCH) ang AGB gamit ang paraang "look-back" ayon sa nakasaad sa seksyon 1.501(r)-5(b)(3) sa pamamagitan ng: i) pagtukoy sa lahat ng claim na pinapayagan (kabilang ang bahagi ng pasyente) ng Medicare, Medicaid, at lahat ng pribadong nagbabayad ng insurance na nagbabayad ng mga claim sa DCH sa loob ng 12 buwan; at ii) paghahati sa halagang iyon sa mga kabuuang singil na nauugnay sa mga claim na iyon. Ang porsiyentong ito ng AGB ay kinakalkula taon-taon. Para sa 12 buwang panahon na nagtapos noong 8/31/2022, ang ginamit na porsiyento ng AGB ay 32%; ang mga pasyenteng nakakatugon sa mga kinakailangan sa patakaran sa Tulong Pinansyal ng Driscoll Children's Hospital ay sisingilin ng hindi hihigit sa 25% ng halagang karaniwang sinisingil.

**Makukuha ang detalye ng impormasyong ito kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng pinansyal na pagpapayo sa (361) 694-4758.**

## Paano Mag-apply

Maaari kang mag-apply para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form ng pinansyal na ebalwasyon at pagpapadala nito sa Driscoll Children's Hospital, 3533 S. Alameda Street, Corpus Christi, TX 78411, o pag-email nito sa [driscollfinanceassistance@dchstx.org](mailto:driscollfinanceassistance@dchstx.org).

Available din ang mga Pinansyal na Tagapayo para tulungan ka sa proseso ng aplikasyon sa Admitting Department o sa pamamagitan ng pagtawag sa (361) 694-4758 o (361) 694-5163.

### Personal:

Admitting o Emergency Registration Office

### Online

[driscollchildrens.org/patients-family/services-support/patient-and-family-services/financial-assistance](https://driscollchildrens.org/patients-family/services-support/patient-and-family-services/financial-assistance)

### Email

[driscollfinanceassistance@dchstx.org](mailto:driscollfinanceassistance@dchstx.org)

### Mail

Driscoll Children's Hospital  
3533 S. Alameda Street  
Corpus Christi, TX 78411

### Telepono

(361) 694-4758 o (361) 694-5163